PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 01 FEBRUARY 28 - MARCH 6, 2022 10.00

# APAT NA AGRICULTURAL INFRASTRUCTURE SA BAYAN NG SILANG AT LUNGSOD NG TAGAYTAY, GINAWARAN NG DA-4A

Iginawad ng Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A) High Value Crops Development Program ang apat na agricultural infrastructure sa tatlong farmers association sa bayan ng Silang at lungsod ng Tagaytay sa probinsya ng Cavite noong ika-18 ng Pebrero.

Tinanggap ng Silang Cacao Growers Association ang isang cacao fermentation facility at isang nursery naman sa Silang Coffee Growers Association. Ang SIPAG-Tagaytay naman ay nakatanggap ng tig-isang mushroom house at greenhouse.



Ang mga pasilidad ay pangangasiwaan ng nasabing mga asosasyon ngunit maaaring pakinabangan ng mga magsasaka sa mga karatig lugar sa komunidad.

"Nawa po sa pamamagitan ng mga agri-infrastructure na ito ay magiging mas productive at makakapag-contribute kayo hindi lang sa inyong asosasyon kundi sa buong Cavite. Kayo po ay magiging katuwang namin [DA-4A] sa pamamahagi ng quality products. Ang ating mga programa ay hangad na patuloy na mapaganda ang inyong ani. Ang Kagawaran ay handang maglaan ng pondo para sa kaunlaran ng ating mga magsasaka," ani DA-4A HVCDP Coordinator at Field Operations Division Chief Engr. Redelliza A. Gruezo.



Maliban sa mga imprastraktura, ipinagkaloob din ng DA-4A HVCDP sa mga asosasyon ang iba't ibang interbensyon gaya ng binhi ng iba't ibang klase ng gulay, traktora, at coffee dryer.

"Labis ang aming pasasalamat sa DA at sa municipal agriculture office (MAO) dahil kasa-kasama na namin sila since day one. Talagang napaka-supportive nila sa amin. Itong facility na ipinagkaloob nila, napakalaking tulong nito sa lalong pagpapabilis ng aming production," ani G. Rick O. Perez, pangulo ng Silang Cacao Growers Association. #### (?Reina Beatriz P. Peralta; ??Bogs G. De Chavez, DA-4A RAFIS)

## PAGPAPATAAS NG MINIMUM WAGE SA CAVITE, INIHAIN NI VICE GOVERNOR JOLO REVILLA

Sa isang Facebook post, ibinahagi ni Cavite Vice Governor Jolo Revilla ang kanyang paghain ng Resolution no. 314 o ang pagpapataas ng minimum wage para sa mga manggagawa sa lalawigan ng Cavite sa naging 129th Regular Session ng Sangguniang Panlalawigan.

Batay kay Revilla, naging 'produktibo' ang nasabing sesyon kung saan nagkakaisa ang lahat ng mga lokal na opisyales.

"Naging produktibo ang ating diskusyon dahil sa nagkakaisang bisyon ng bawat isa. Makaaasa kayo na magkakatuwang nating haharapin ang anumang pagsubok ngayong taon dahil kasangga ninyo ang Sangguniang Panlalawigan," aniya sa pabatid sa social media.

Matatandaang isa ang minimum wage sa Cavite sa pinaka malaking isyu na hinihiling ng mga manggagawa sa lalawigan lalo't narito ang ilan sa malalaking pagawaan at kumpanya.




Sa ngayon ay wala pang kasunod na detalye ang nasabing post ni Revilla.

Source: Jolo Revilla (FB)







Nagsagawa ng simulation activity ang New Era Senior High School sa lungsod ng Dasmariñas ngayong Lunes bilang paghahanda sa limited face-to-face classes na sisimulan sa kanilang eskwelahan.

Sa naturang aktibidad ay binigyang diin ang pagsunod sa school protocols na ipapatupad para sa kaligtasan ng mga mag-aaral, guro at emplayado nito.

Source/Photos: DepEd Tayo New Era SHS - Dasmariñas City




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

## Suha: Puwede Sa May Diabetes At Matataba

Payo ni Doc Willie Ong

Alam ba ninyo na maraming benepisyo ang suha? Ang pomelo o suha ay kabilang sa mga citrus fruits tulad ng orange at dalandan.

Maraming bitamina ang suha tulad ng vitamin C, vitamin A, vitamin B1, vitamin B2, calcium at iron. Pero ang kagandahan ng suha ay ang pagiging mababa nito sa calories kaya hindi ka tataba. Sa bawat 100 grams ng suha ay may 44 calories lang. Dahil dito, puwede itong kainin ng mga may diabetes at overweight.

Mga Benepisyo ng Suha:

1. Para sa kanser - Ang balat ng suha ay may sangkap na bioflavonoid. Ito'y nakatutulong sa pag-iwas sa cancer, lalo na sa breast cancer.

2. Para sa mataas ang kolesterol - Tulad ng mansanas, ang suha ay may pectin din. Ang pectin ay nakatutulong sa pagtanggal ng kolesterol sa ating katawan. Dahil dito, mainam ang suha para sa may sakit sa puso at may bara sa ugat.

3. Para sa immune system - Ang mataas na vitamin C ng suha ay nakapagpapalakas ng immune system. Ang vitamin C ay binibigay sa mga taong laging sinisipon at madalas magkasugat. Kapag kumain ka ng suha, para ka na rin uminom ng tableta ng vitamin C.

4. Para hindi tumaba – Ang mga prutas na puwedeng kainin ng mga nagdi-diyeta ay ang suha, mansanas at peras. Hindi ito gaano nakatataba. Ang mga prutas na mabilis makataba at dapat ninyong iwasan ay ang mangga at ubas, dahil grabe ang tamis at dami ng calories ng mga ito.

5. Para sa may diabetes – Kung ika'y may diabetes, puwede sa iyo ang suha at mansanas. Paalala lang na 3 o 4 na hiwa lang ang kainin. Huwag ubusin ang buong suha.

Kapag bibili ng suha, piliin yung mabigat, mabango at malinis ang balat. Ang mapupulang klase ng suha ay mas masustansya at mas matamis.

Isa pang payo sa pagkain ng suha: Kumain din ng kaunting balot nito (yung mapula at manipis na balat). Nasa balot ng suha ang kakaibang bioflavonoid na lumalaban sa sakit.

## Calling our Dear MSMEs!

DTI Cavite is inviting you to a FREE WEBINAR:

What: Customer Service: Serbisyo ng Negosyo para sa Pag-asenso!

When: March 3, 2022 (Thursday) 9:00am to 12:00nn

Where: via Zoom app and Facebook Live.

To reserve your slot, please register through:

https://bit.ly/DTI-CAV-CSWebinar

We will also be live at DTI Cavite FB Page:

https://web.facebook.com/DTI.Cavite

You can also message us for reservation and other details about the webinar. Thank you and God bless.

#freewebinartraining #dticavite #iamDTIph




# EDITORYAL - Dagdag pahirap sa mahirap

Bukas ay magtataas na naman ang mga produktong petrolyo. Linggu-linggo ang pagtataas at wala nang naririnig sa Department of Energy (DOE) kung mayroon silang ginagawang paraan para mabawasan naman ang pasanin ng publiko. Mahihirap ang tinatamaan ng pagtataas ng gas, diesel at gasoline. Masyado na bang abala sa pulitika ang kalihim ng DOE at wala man lang marinig ukol sa oil price hike.

Wala namang balak ang pamahalaan na suspendihin ang excise tax sa petrolyo. Sa ilalim ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN Law) puwedeng isuspende ang tax sa petroleum products kapag umabot sa $80 ang bawat bariles ng langis. Sa kasalukuyan, nasa $90 na ang bawat bariles. Pero sa kabila nito, hindi matinag ang pamahalaan at walang aksiyon sa pagsuspende sa tax sa petrolyo. Mas prayoridad nilang makakolekta ng tax para ipondo sa mga inprastruktura. Ang pondo sa "Build, Build. Build Program" ay sa excise tax ng petrolyo kinukuha.

Ang linggu-linggong pagmamahal ng petroleum products ay sumabay pa sa pagtataas ng mga pangunahing bilihin ngayong Pebrero. Nagtaas ng presyo ang tinapay, noodles, sardinas, gatas, karne at maski asin ay nagtaas na rin.

At ang panibagong pahirap, humihirit ang transport groups na taas sa pasahe. Humihiling na itaas sa P10 ang minimum na pasahe sa dyipni. Ito ay dahil sa sunud-sunod na oil price hike. Sabi ni Pasang Masda president Obet Martin, ang karagdagang P1 sa pamasahe sa dyipni ay makatutulong kahit paano sa pamumuhay ng jeepney drivers. Wala na umanong naiuuwi sa kanilang pamilya ang mga drayber.

Nangyari ang pagtataas ng mga bilihin at pati pamasahe sa panahong ang mamamayan ay nakikipaglaban sa pandemya. Maraming nagkasakit ng COVID na hanggang ngayon ay nararamdaman pa ang hapdi at hindi pa nakakabawi ng lakas. Marami ang namatayan at hindi pa nila nalilimutan ang -matinding karanasan. At ngayon, panibagong pahirap na naman ang kanilang hinaharap dahil sa pagtaas ng mga bilihin dulot ng oil price hike. Pagaanin naman ng gobyerno ang pasanin

***EDITOR'S NOTE:***

All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.

Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

Email: pahayagancavite@gmail.com

Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**

**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## DA-4A, LGUs NAGKAISA TUNGO SA PINALAKAS NA KALAKALAN NG PRODUKTONG ORGANIKO

Pinulong ng Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A) ang mga namamahala ng pitong Organic Trading Post (OTP) mula sa iba't-ibang bayan sa rehiyon noong ika-22 ng Pebrero, 2022.

Tinalakay sa pagpupulong ang mga gampanin ng mga katuwang na Local Government Unit (LGU) upang mas mapaunlad ang mga OTP sa kanilang lugar.

Ang OTP ay isang establisyimentong magsisilbing kalakalan ng mga mamimili at mga magsasaka ng organikong produkto direkta mula sa mga magsasaka ng isang bayan.

Layunin ng pagpupulong na maibigay ang mga plano at estratehiya kung paano mapapagbuti ang organic agriculture sa kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng pagpapalitan ng suhestiyon base sa pangsari-sariling karanasan. Pagpapalawak ng koneksyon ang isa sa nakikitang solusyon upang matugunan ang ilang suliranin ng OTP tulad ng, kakulangan ng supply at manggagawa.

Binigyang halaga ni Bb. Editha M. Salvosa, hepe ng Agribusiness and Marketing Assistance Division (AMAD) ang pagkakalap ng datos at malinaw na action plan ng kani-kanilang OTP upang makita ng klaro ang resulta ng kanilang mga ginagawa.



Pinagtibay naman ni Bb. Eda F. Dimapilis, Organic Agriculture Program Coordinator ang suhestiyong pagpapalakas ng ugnayan sa mga magsasaka.

"Mahalaga po ang koneksyon, huwag nating palagpasin ang pagkakataon na matulungan ang mga organikong magsasaka, sapagkat nandito na ang pasilidad (OTP) na magsisilbing tulay upang may pagdalhan sila ng kanilang mga ani at magarantiya ang kanilang kita." Ani Bb. Dimapilis.

Ang mga OTP's na ito ay matatagpuan sa mga bayan ng Alfonso Cavite, Tanay Rizal, Lucban Quezon, Lumban at Nagcarlan sa Laguna, Malvar at Bauan sa Batangas.

## DOH: PH ALREADY OVERCOME OMICRON VARIANT, PREPARING TO SHIFT TO ALERT LEVEL 1

The Philippines has already "overcome" the challenges brought about by the highly-transmissible Omicron coronavirus variant, but the public should not lower their guards just yet as the COVID-19 continues to pose a threat, the Department of Health (DOH) said.

"Tayo po ay naka overcome nung challenge natin with Omicron. Nakita po natin kung gaano kadami yung kasong dumating at gaano din natin mabilis na napababa ang mga kaso sa ating bansa," said DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire during a public briefing on Saturday, Feb. 19.

On Friday, Feb. 18, Vergeire said that the country is currently under the low-risk case classification for COVID-19.

"Atin na pong nalampasan ang hamon buhat ng Omicron at kasalukuyan na po tayong nasa low risk case classification…Patuloy pong bumababa ang ating average daily reported cases," she then said.

Despite this encouraging situation, Vergeire reiterated that adherence to health protocols and vaccination remain vital in keeping the low number of cases.

"Mababa ang kaso dahil nagco-comply tayo sa safety protocols at nagpapabakuna. Pero once na mag-increase ang mobility tapos nagkaroon ng complacency sa pagsunod sa minimum public health standards, maaring tumaas uli ang kaso dahil alam natin lahat na nandito pa rin po yung virus," she said.

The DOH spokesperson was optimistic that all areas in the Philippines will soon shift to the "new normal" or Alert Level 1—the lowest in the country's alert level system.

Currently, the DOH is monitoring seven areas with a "high number" of COVID-19 cases. Vergeire did not specify what these areas are.

"Pagtiningnan natin in terms of cases makikita natin mukhang magagawa naman natin kasi sa ngayon pitong areas nalang sa buong bansa ang binabantayan na meron pa rin na kaunting mataas na kaso. They are in moderate risk yung iba, yung iba—ospital ang binabantayan natin," she said.

"Sa tingin namin handa na ang ating mga kababayan and with our high vaccination coverage at sana magtuloy-tuloy pang tumaas, sa tingin namin at kumpiyansa tayo, na tayo po ay makakaagapay at we can be able to prevent further infections once we de escalate to Alert Level 1," she added.

If Alert Level 1 will be implemented, Vergeire emphasized the importance of "self-regulation" since restrictions will be lifted.

"Dito sa (In the) new normal—Alert Level 1 does not have any restrictions at all. Ang mga sektor po natin magbubukas, wala na po tayong mga capacity restrictions sa iba't-ibang establisyimento, tayo po ay makakabalik na sa kinagawian," she said.

"Ngunit mare-retain po natin yung ating pag self regulate. Ibig sabihin, yung behavior ng tao kailangan mabago. Kailangan tuloy-tuloy pa rin tayong magcocomply sa minimum public health standards at kasama diyan ang pagsusuot pa rin ng mask, palagiang paghuhugas ng kamay, physical distancing if applicable sa isang sektor na pupuntahan natin, and of course, ventilation," she added.

MINI STOP

## GUHIT NG KAPALARAN

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Huwag magpokus ng sobra sa isang bagay, dahil mababale-wala ang iba. Huwag magmadali dahil lalo lamang magkakamali. Take one step at the time. Pairalin ang hinahon sa lahat ng pagkakataon. Lucky numbers at color for the day ang 15, 27, 35, 40 at Green.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Mag-ingat! May mamamangka sa dalawang ilog at ang isang ilog ay ikaw. Makakaiwas sa sakit, maging mapanuri. Lucky numbers at color for the day ang 11, 22, 37, 42 at Jade Green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Mag-ingat at maging alerto upang hindi maulit ang nagdaang pagkakamali. Pagsikapan ito, kundi sinadya mo na. Lucky numbers at color for the day ang 8, 18, 24, 38 at Brown.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Huwag magmukmok kung may problema dahil walang mangyayari. Sa halip, mag-isip ng solusyon at isagawa ito. Lucky numbers at color for the day ang 2, 4, 34, 41 at Pink.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Hindi ngayon ang panahon para makamit ang hinahangad. Huwag mawalan ng pag-asa. Lucky numbers at color for the day ang 19, 20, 27, 33 at Orange.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mahalaga na nagkakaisa sa tahanan, sa mga katrabaho at mga kaibigan. Mangyari ito kung matututuhang makisama. Lucky numbers at color for the day ang 5, 6, 23, 41 at Yellow.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Anuman ang gawain ngayon, mag-ingat. Tiyakin ang kaligtasan ng sarili. Gamitin ng maayos ang mata, tainga, paa at kamay. Lucky numbers at color for the day ang 3, 22, 34, 44 at Purple.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Ang mabisang sandata laban sa naiinggit ay disiplina sa sarili. Kung may naninira, huwag pansinin, tuloy ang buhay. Lucky numbers at color for the day ang 7, 8, 36, 42 at Blue.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Hindi na kailangan lumayo para maging masaya dahil sa tahanan ito matatamo. Iwasang lumabas sa gabi. Lucky numbers at color for the day ang 6, 12, 34, 37 at Red.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Makakakilala ng tao na sa kalaunan ay magpapaligaya sa'yo. Siya ang magsisilbing guro tungkol sa maraming bagay. Lucky numbers at color for the day ang 7, 19, 27, 32 at Violet.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Bigyang pansin ang mga bagay na makakatulong para matupad ang mga pangarap. Makakamit ito. Lucky numbers at color for the day ang 5, 14, 28, 40 at Indigo.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Magtiwala sa anumang mangyayari dahil makakarating ka rin sa patutunguhan. Magtatagumpay. Lucky numbers at color

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 01 FEBRUARY 28 - MARCH 6, 2022 10.00

## 73.7% PAGBABA NG KRIMINALIDAD SA UNANG 5-TAON NI PRRD, IPINAGMALAKI NG DILG




Ibinahagi ng Department of the Interior and Local Government (DILG) na lagpas umano sa kalahati ang ibinaba ng crime rate sa buong Pilipinas simula nang umupo si Pangulong Rodrigo Duterte noong 2016 hanggang 2021.

Ito ay batay sa naging pahayag ni Interior Secretary Eduardo Año sa naging talumpati ni Pangulong Duterte nito lamang Lunes, Pebrero 21.

"'Pag titingnan po natin ang comparison mula po noong 2016 hanggang 2021, nakikita po natin na bumaba ng 73.76% ang crime rate. Ang mga taong ito po, Mr. President, ay saklaw po ng inyong panahon ng panunungkulan," pahayag ni Año.

Dagdag pa niya, nagdulot ng kaligtasan o mataas ang seguridad sa mga pamayanan sa bansa ang kanilang programa kontra krimen.

"Kaya't patuloy itong mas naging ligtas sa ating mga komunidad sa tulong ng inyong programa kontra kriminalidad. So ito pong figure na 'to makikita natin na mula 131,699, pagdating po ng 2021 ay 34,552 na lamang ang index crimes," saad ng opisyal.

Nagmula umano ang naturang datos sa ulat ng Philippine national Police (PNP), kung saan mapapansin ang malaking pagbaba ng kabuuuang insidente ng krimen.

Maging ang mga "index crimes" o karumaldumal na krimen tulad ng murder, homicide, rape, robbery,carnapping, physical injuries, at walo pang special complex crimes ay mapapansin ring bumaba ang bilang, ayon kay Año.

"So ito pong figure na 'to makikita natin na mula 131,699, pagdating po ng 2021 ay 34,552 na lamang ang index crimes," dagdag pa ng DILG official.

"Sa kabilang side naman po, itong peace and order indicator, ito po 'yung pinagsama natin ng index crime at saka non-index crime. So makikita po natin sa peace and order indicator na kung saan ay bumaba po ng 5.69% noong 2021 kumpara sa 2020."

Nangangahulugan umano ito na nararamdaman ng mg Pilipino ang kaayusan at kaligtasan ng bansa sa naging termino ni Pangulong Duterte.

## VICE GOBERNATORIAL ATHENA TOLENTINO BUMISITA SA AGUINALDO SHRINE NGAYONG NATIONAL ARTS MONTH



Bilang selebrasyon ng National Arts Month at pagkilala sa cultural heritage ng Cavite, binisita ni Vice Gubernatorial Athena Tolentino ang Aguinaldo Shrine kamakailan.

Aniya, "Isa sa mga yaman ng ating probinsya ang Aguinaldo shrine kung saan unang idineklara ang kalayaan ng Pilipinas mula sa pananakop ng Espanya. Ito rin ang ancestral home ng unang pangulo ng ating republika, General Emilio Aguinaldo."

Kilala si Tolentino sa kaniyang adbokasiya sa paglinang ng sining at kultura ng lalawigan sa pamamagitan ng kanyang pagsuporta sa mga kabataang may talento kaya't hindi nakapagtataka ang kanyang madalas na pag-ikot sa mga kilalang historical landmarks sa lalawigan.

"Ngayong National Arts Month, pumasyal ang inyong lingkod kasama sina Councilor Jygs Gandia at Councilor Michael Tolentino sa makasaysayang bahay na ito upang balikan ang ugat ng tinatamasa nating demokrasiya," ani Tolentino sa kaniyang Facebook post.

"Wala tayo sa kinalalagyan natin ngayon kung 'di dahil sa kabayanihang nasaksihan ng mga lugar tulad ng Kawit Shrine. Kaya't hangad ko na mapangalagaan at lalo pang pagyamanin ang ating cultural heritage,"

FamilyMart

## COVID-19, ISA SA 'LEADING CAUSES OF DEATH' SA PILIPINAS NOONG 2021

Tinatayang nasa 13.8% ng lahat ng rehistradong namatay sa Pilipinas simula Enero hanggang Disyembre 2021 ay binubuo ng COVID-19 kung kaya naman ito ay nasa ikatlong pwesto na ng mga leading causes of death sa buong bansa.

Ito ay base sa pinakahuling datos na inilabas ng Philippine Statistics Authority (PSA) nitong nagdaang Martes, Pebrero 22, 2022.


Ang COVID-19 deaths ay hinati ng ahensya sa dalawang kategorya: Kumpirmadong COVID-19 virus (67,494) at hindi kumpirmado (29,718).

"COVID-19 with virus identified was the 3rd leading cause of death in the country with 67,494 cases or 9.6 percent of the total deaths in the same period in 2021," pahayag ng PSA.

"Meanwhile, registered deaths due to COVID-19 with virus not identified accounted for 29,718 or 4.2 percent of the total deaths from January to November 2021, making it the 8th leading cause of death." dagdag pa ng ahensya.

Ayon sa ulat, malaki ang itinaas ng bilang ng mga COVID-19 deaths nitong nagdaang 2021 kumpara sa datos noong 2020 kung nasa top 14 ang COVID-19 bilang sanhi ng pagkamatay ng mga mamamayan sa bansa.

Sa kasalukuyan, nasa una at ikalawang pwesto ng leading causes of death sa bansa ang ischaemic heart diseases (125,913) at cerebrovascular diseases (68,180).

Ibinahagi ni Cavite Board Member Ping Remulla ang mga larawan kung saan 238 mga indibidwal mula sa bayan ng Amadeo ang nakatanggap ng financial at burial assistance mula sa pondo ng DSWD sa pamamagitan ng opisina ni Cong. Boying Remulla.

Aniya, "Iba talaga kapag may kooperasyon at pagkakaisa ang namumuno sa bayan. Maraming salamat sa masipag nating Mayor na si Engr. Redel Dionisio, Panong Legaspi, mga konsehal at buong team Amadeo. Katuwang din natin dito ang aking partner na si VMBM Munding Del Rosario."

